




NEW MUSLIM
ACADEMY

Pag-aalay ng Salah na May mga Pisikal na Paghamon **Pisikal na Paghamon**



Pag-unawa sa Kapahintulutan at Habag sa Pagsasabatas ng mga Debosyon sa Islam

Ang pang-araw-araw na ritwal ng pagsamba—ang Salah—ang pinakamahalagang gawain ng pagsamba sa buhay ng isang Muslim. Ang karaniwang tuntunin ay dapat itong isagawa sa itinakdang paraan: pagtayo, pagyuko, pagpapatirapa na ang mukha ay nasa lupa, at pag-upo. Ang pisikal na kaanyuang ito ay bahagi ng kagandahan at disiplina nito.

Ang ating Pinakamaawaing Panginoon (ang Allah) ay hindi nagbibigay ng pasanin sa Kanyang mga lingkod ng higit sa kanilang makakaya.

Maraming tao ang maaaring makaranas ng mga sitwasyon kung saan ang pagsasagawa ng itinakdang pampisikal na ritwal na pagsamba sa pinakamainam nitong anyo ay nagiging napakahirap o imposible—pansamantala man dahil sa karamdaman, pinsala, o pagkakasakit o permanente dahil sa katandaan, kapansanan, o malalang kondisyon sa kalusugan.

Kinikilala ng Islam ang mga katotohanang ito at nagbibigay ng maawaing mga kapahintulutan upang ang bawat mananampalataya ay mapanatili pa rin ang kanilang pagsamba sa Allah, sa abot ng kanilang makakaya.

Saligan ng Prinsipyo: Pagsamba Ayon sa Kakayahan

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ:

“Gawin ang itinakdang ritwal na pagsamba, ang Salah, nang nakatayo; kung hindi mo kaya, sa gayon ay umupo; at kung hindi mo kaya, sa gayon ay humiga ng patagilid.”

Ang patnubay na ito ang pundasyon kung paano dapat gawin ng mga Muslim na may mga pisikal na kapansanan ang Salah. Ito ay dapat isagawa lamang kung kinakailangan, at dapat gawin ng bawat tao ang anumang kaya nila batay sa kanilang kakayahan


Halimbawa:

- Kung ang isang tao ay kayang tumayo nguni't hindi makayuko o makaluhod, dapat sila ay tumayo para sa mga bahagi ng pagtayo at pagkatapos ay umupo para sa pagyuko at pagpapatirapa.
- Kung sila ay kayang yumuko nguni't hindi kayang lumuhod, sila ay dapat yumuko ng maayos at uupo lamang kapag kinakailangan.
- Kung ang isang tao kailanman ay hindi makatayo nguni't kayang yumuko at lumuhod na ang kanilang mukha ay nakalapat sa sahig mula sa isang nakaupong posisyon, sila ay dapat umupo at isagawa ang mga pagkilos na iyon.

Binigyang-diin ng mga iskolar na Muslim na dapat sikapin ng isang tao na manalangin sa pinakamainam na paraan sa abot ng kanyang makakaya—kahit na ang paggamit ng tungkod, dingding, haligi, o tulong ng ibang tao kung makakatulong ito sa kanila na makatayo. Ngunit kung ang pagtayo ay nagdudulot ng sakit, nagpapalala sa kondisyon ng isang tao, o hindi maaari, kung gayon ang pagdarasal ng nakaupo ay ganap na pinahihintulutan.

Ang alituntuning ito ay nakabatay sa katuruan ng Quran:

“Kaya inyong katakutan ang Allah hanggang inyong makakayanan; makinig at sumunod kayo, at gumugol kayo [para sa landas ng Allah]: ito ay higit na mabuti para sa inyong sarili.” (64:16)



Pagdarasal Habang Nakaupo

Kung ang pag-upo sa sahig/lupa ay kumportable at madaling gawin, maaaring gamitin ang posturang naka-upo nang nakatihaya. Kung mahirap ito, ay pinapayagan ang pag-upo nang naka-krus ang paa. Kung hindi makaupo sa sahig, maaaring gumamit ng upuan o bangkito.

Habang nakaupo:

- Ang pagyuko ay ginagawa sa pamamagitan ng bahagyang pagyuko ng itaas na bahagi ng katawan paharap.
- Ang pagpapatirapa nang nakataob sa lupa ay sumisimbolo ng mas nakayuko pa, na ginagawang mas mababa ang posisyon ng pagluhod kaysa sa pagyuko.

Pagdarasal Habang Nakahiga

Kung ang pag-upo ay magiging mahirap din, sa gayon ay maaaring magdasal ang isa na nakahiga ng patagilid (mas mabuti sa kanang bahagi) o sa kanilang likuran.

- Ang pagyuko at pagpapatirapa ay ipinahihiwatig sa pamamagitan ng dahan-dahang pagbaba ng ulo.
- Dapat na mas mababa ang galaw ng pagpapatirapa kung ang isa ay may kakayahan na makita ang kaibahan.

Kung ang Paggalaw Ay Hindi Maaari

Kung ang isang tao ay ganap na nawalan ng kakayahang kumilos — tulad ng dahil sa pagkalumpo, pagkawala ng kontrol sa paggalaw, o pagkaratay — dapat pa rin nilang isagawa ang ritwal na pagsamba:

- sa pamamagitan ng layunin mula sa puso.
- At pagbigkas ng angkop na mga salita sa bawat bahagi ng panalangin.

Hindi pananagutin ng Allah ang isang mananampalataya para sa mga pisikal na pagkilos na hindi nila kayang gawin. Paulit-ulit itong pinatutunayan ng Qur'an:

“Ang Allah ay hindi magbibigay ng pasanin sa isang kaluluwa maliban sa [abot ng] kakayahan nito.” (2:286)

“Kayo ay Kanyang pinili, at wala Siyang ginawang anumang kahirapan na higit sa inyong kakayahan sa mga debosyunal na bagay at mga kautusan.” (22:78)

Ang mga talatang ito ang bumubuo sa pundasyon ng bawat kapahintulutan na ibinibigay sa mga debosyonal na bagay.

Biyaya ng Allah sa mga Humaharap sa Kahirapan

Hayaan ang mga sumusunod na talata na magdulot sa iyo ng ginhawa at katiyakan:

“Hangad ng Allah na ito ay gawing magaan para sa inyo at hindi Niya hangaring ito ay gawing mahirap para sa inyo.” (2:185)

“Hinahangad ng Allah na gawing magaan [ang mga pasanin] para sa inyo. At ang tao ay sadyang nilikhang Mariupol [at mahina].” (4:28)

Alam ng Allah ang iyong kalagayan. Nakikita Niya ang iyong mga paghihirap, ang iyong pagsisikap, at ang iyong katapatan. Walang anumang sakit o limitasyon ang mawawala sa Kanya. Sa katunayan, ginagantimpalaan ka Niya para sa iyong pagtitiyaga at pagtitiis.

Isang Panalangin na Inirerekomenda ni Propeta Muhammad ﷺ

Isang mabuti at kapaki-pakinabang na ugali ang pag-uulit ng magandang panalanging ito, na inirerekomenda ni Propeta Muhammad ﷺ sa pagtatapos ng bawat itinakdang ritwal ng Salah:

“O Allah, Tulungan Mo po akong banggitin Ka nang may pagpupuri, magpasalamat at magpakita ng wastong pagkilala ng utang na loob, at sambahin Ka sa pinakamahusay na paraan.”

Ang panalanging ito ay nagpapalakas ng iyong puso at pinangangalaan ang iyong pang-espiritwal na kaibuturan., kahit na magbago ang iyong pisikal na kakayahan.

Ang Islam ay Hindi Hinahangad na Magpabigat sa Iyo

Ang Islam ay isang landas ng kapayapaan ng isip, puso, at kaluluwa. Ang mga tuntunin nito ay hindi naglalayon na magdulot ng tensyon o pagkakasala. Bagkus, ang mga ito ay dinisenyo upang gabayan ka tungo sa panloob na katahimikan sa pamamagitan ng pagsamba sa Makapangyarihan.

Mas alam ng Allah ang iyong sitwasyon kaysa kaninuman—kahit na ang iyong sarili. Hindi Niya pinipigilan ang iyong mga limitasyon laban sa iyo. Hinihingi lamang Niya ang abot ng kakayahan mo, wala nang iba pa.

Tulad ng pagbibigay - katiyakan ng Qur'an:

“Ang Allah ay hindi magbibigay ng pasanin sa isang kaluluwa maliban sa [abot ng] kakayahan nito.” (2:286)



Buod: Hindi Ka Nawawala—Sumasamba Ka Ayon sa Layunin ng Allah

- Manalangin ka ng nakatayo kung maaari.
- Kung hindi, manalangin ka ng nakaupo.
- Kung hindi, humiga.
- Kung hindi ito posible, manalangin ka nang may intensyon at sa iyong puso.

Ang bawat mananampalataya ay may pagkakataong mag-Salah—anuman ang kanilang pisikal na kalagayan—dahil ang biyaya at habag ng Allah ay higit na dakila kaysa sa anumang paghihirap.

Nawa'y pagkalooban tayo ng Allah ng ginhawa, gantimpalaan ang ating pagtitiis, palakasin ang ating mga puso, at punuin tayo ng kasiyahan anuman ang ating kalagayan. Aameen

 **NewMuslimPH**

 **newmuslimph**

 **newmuslimPH**

www.newmuslimacademy.ph